

# 10 AGARANG AKSYON SA TUBIG, SANIDAD, AT KALINISAN SA MGA PAARALAN

PAGHAHANDA PARA SA MULING PAGBUBUKAS NG MGA PAARALAN – GABAY PARA SA MGA PINUNO NG PAARALAN UPANG PAMAHALAAN ANG TUGON SA COVID-19



## 1 PAGHUHUGAS NG KAMAY

Magtayo ng mga magagamit na pasilidad sa paghuhugas ng kamay na may sabon sa pasukan ng mga paaralan (mga “tippy tap”, mga balde na may mga gripo, mga pasilidad para sa pang-sabayang paghuhugas) na may sapat na gripo na nagbibigay-daan sa pisikal na distansya upang ang mga bata, guro, kawani at bisita ay maaaring maghugas ng kamay bago pumasok sa paaralan. Siguraduhin ang mga palikuran ay may gumaganang pasilidad para sa paghuhugas ng kamay at may sabon at tubig. Ang mga pasilidad ay dapat madaling puntahan ng lahat ng mga gumagamit.

## 2 PAGKAKARON NG TUBIG

Siguraduhin na mayroong tubig para sa paghugas ng kamay, pag-inom, at iba pang paggamit. Kung problema sa paaralan ang hindi tuluy-tuloy o hindi sapat na supply ng tubig, dagdagan ang kapasidad ng imbakan ng tubig sa tulong ng komunidad o hilingin sa mga bata na magbaon ng tubig mula sa bahay, kung maaari.

## 3 MGA KAGAMITAN

Kuwentahin ang pangangailangan at tiyakin na sapat ang supply para sa mga nauubos na kagamitan, kabilang ang: sabon (bareta o likido), hand sanitizer (hindi bababa sa 70% na konsentrasyon ng alkohol, kung naayon sa sitwasyon) at sodium hypochlorite para sa paglilinis / pagdidisimpekta (bleach na pinalabnaw sa 0.1%), spongha, walis at mga balde, at mga kagamitang pangproteksyon tulad ng face mask at guwantes para sa mga naglilinis. Mga disimpektante na nakabatay sa alkohol na may hindi bababa sa 70% na konsentrasyon ay maaaring magamit bilang isang alternatibo sa bleach.

## 4 PAGLINIS AT PAGDISIMPEKTA

Tiyakin ang regular na paglilinis at pagdidisimpekta ayon sa pambansang mga gabay at pandaigdigang rekomendasyon. Ang mga bagay na madalas hinahawakan ay dapat na prayoridad sa pagdidisimpekta. Laging maglinis gamit ang sabon at tubig o sabong panlaba upang matanggal ang mga organikong bagay bago magdisimpekta. Kuwentahin ang oras na kinakailangan, tiyakin na mayroong mga kawaning naglilinis at nagdidisimpekta, at sila ay gumagamit ng guwantes at “face mask”. Isali ang Parents Teacher Association, mga kasapi ng komunidad, at mag-aaral kung kinakailangan at naaangkop para sa paglilinis. Tiyakin ang mga hugasan ng kamay at mga palikuran ay nagagamit at malinis.

## 5 PAMAMAHALA NG BASURA

Siguruhin na may basurahan sa mga silid-aralan, sa mga palikuran at sa mga estratehikong lokasyon ng paaralan, at araw-araw na ligtas na tinatangal ang laman, gamit ang sistema ng pamamahala ng basura.

## 6 PISIKAL NA PAGDIDISTANSYA

Siguraduhin na ang mga bata at kawani ng paaralan ay sumusunod sa pisikal na pagdidistansya, nananatiling hindi bababa sa 1 metro ang distansya (o bilang inirekomenda ng pambansang patnubay). Ang mga posibleng pagpipilian ay:

- > Magtalaga ng iba't ibang oras ng pagpasok ng mga bata;
- > Pagiba-ibahin ang simula at pagtatapos ng pasok pati na rin ang mga “break”;
- > Maglagay ng distansya sa pagitan ng mga mesa, magturo sa labas ng silid-aralan, o nang nakabukas ang bintana kung maaari; at
- > Pinturahan o lagyan ng linya ang sahig upang ipakita ang pisikal na distansya sa mga lugar kung saan pumipila o nagtitipon ang mga mag-aaral (halimbawa sa harap ng mga palikuran o mga hugasan ng kamay).

## 7 MAGTATAG NG KOPONAN NA TAGASUBAYBAY

Magtalaga ng mga miyembro – mga guro at kawani tulad ng mga tagalilinis, guwardiya, mga hardinero o mga nakatatandang mag-aaral, mga miyembro ng komunidad, at mga samahan ng WASH, atbp – upang bantayan ang mga hugasan ng kamay at mga palikuran (pagkakaroon ng tubig at sabon, mga isyu sa pag-alaga, kagawian sa paghuhugas ng kamay, at pagsunod sa mga patakaran para sa pisikal na pagdidistansya, atbp.).

## 8 ORYENTASYON/PAGSASANAY

Mag-ayos ng oryentasyon para sa lahat ng mga guro, mga kawaning hindi nagtuturo, at mga miyembro ng komunidad namamahala sa WASH in Schools at COVID-19, at tiyakin na naiintindihan ng lahat ang kanilang tungkulin. Tiyakin na ang mga guro ay tinuturuan ang mga mag-aaral gamit ang mga materyales na nagtataguyod ng kalinisan na naaangkop sa kanilang edad.

## 9 MGA LISTAHAN

Ipakilala at tiyakin ang paggamit ng mga listahan (kabilang ang: petsa, oras ng pagsuri, pangalan ng taong responsable) para sa mga guro at kawani na hindi nagtuturo upang matiyak na ang mga kagawian ay naitutupad araw-araw. Partikular na gumamit ng mga listahan para sa:

- > Pasukan ng paaralan (kagawian sa paghuhugas ng kamay, mga hugasan ng kamay, pagkakaroon ng tubig at sabon)
- > Mga silid-aralan (mga protokol sa paglilinis at pagdidisimpekta)
- > Mga banyo at pamamahala ng basura

## 10 KULTURA NG KALINISAN

Magtatag ng kultura ng kalinisan sa paaralan at hikayatin ang pagbabago ng pag-uugali sa kalinisan sa komunidad. Bigyang-diin na ang lahat ng nagtuturo at hindi nagtuturong kawani ay kabilang sa isang koponan na nagtatrabaho upang matugunan ang paghahanda at pagtugon sa pandemya at masiguro na ang edukasyon ay maaring magpatuloy at ang mga paaralan ay malinis at ligtas na lugar. Kilalanin ang mga indibidwal na kampeon ng WASH sa paaralan at komunidad.

CONTACT: [WinS-COVID-19@susana.org](mailto:WinS-COVID-19@susana.org)

FURTHER INFORMATION: [www.susana.org](http://www.susana.org)

> ‘10 IMMEDIATE WinS ACTIONS’ (latest version):

<https://bit.ly/367F7ur>

> KNOWLEDGE MAP ‘WASH in SCHOOLS & CORONAVIRUS’: <https://bit.ly/2JDvM39>

> ‘SAFE BACK TO SCHOOL: A PRACTITIONER’S GUIDE’: <https://bit.ly/2zS3Uhr>

